

Mga Alituntunin sa Pagdalaw

Huling na-update noong 3/10/22.

Ang mga alituntunin sa ibaba ay nalalapat sa Lungsod at County ng SF, UCSF, at sa mga first responder at emergency personnel, volunteer, at estudyante.

Puwedeng mabago ang mga alituntunin depende sa katayuan ng COVID-19 sa ating komunidad.

Ang mga dalaw sa Pasyenteng Namamalagi sa Ospital (Inpatient) at sa Dalubhasang Pangangalaga (Skilled Nursing) ay kailangang magpakita ng pruwera ng kompletong bakuna (kabilang ang booster kung kuwalipikado) o negatibong COVID-19 test maliban kung may partikular na babanggitin.

Pagdalaw sa Inpatient

Nalalapat ang pagdalaw para sa mga pasyenteng negatibo sa COVID-19 o sa mga gumaling na mula rito.

Mga oras ng pagdalaw: **L-B 11AM-6PM** at **Sab/Lin 9AM-5PM**

Bawal ang mga magdamagang pagdalaw.
Bawal magpalit ng bisita.

Pangkalahatan: Puwedeng magkaroon ng dalawang (2) malusog na bisita bawat araw, sa loob ng tatlong oras.

ICU: Puwedeng magkaroon ng dalawang (2) malusog na bisita bawat araw sa loob ng mga oras ng pagdalaw.

Psychiatry: Ipinagbabawal ang mga dalaw.

Pagdalaw sa Pasyenteng Di-namamalagi sa Ospital (Outpatient)

Bawal ang mga bisita.

May mga eksepsiyon sa pangmalasakit na pagdalaw.

Pagdalaw sa Emergency Department

Ipinagbabawal ang mga dalaw.

May mga eksepsiyon sa pangmalasakit na pagdalaw.

Pagdalaw sa Skilled Nursing – 4A

Puwedeng dumalaw nang **Miyerkules-Linggo 12PM-5PM.**

Hanggang dalawang (2) malusog na nasa hustong gulang at isang (1) malusog na bata bawat residente bawat araw. Hanggang 30 minuto ang mga pagdalaw at nakaiskedyul dapat ang mga ito.

Mga Eksepsiyon sa Pangmalasakit na Pagdalaw

(tumutukoy sa outpatient, inpatient, at ED, maliban kung may partikular na babanggitin)

Mga Eksepsiyon sa Bisita	Nalalapat sa: Mga Pasyenteng Positibo sa COVID-19, Pinaghihinalang May COVID-19, at Negatibo sa COVID-19
Pediatrics	Inpatient: Dalawang (2) magulang/tagapangalaga araw-araw. Outpatient: Isang (1) magulang/tagapangalaga para samahan ang pasyente sa kanyang konsultasyon.
End of Life	Hindi kailangan ng pruwera ng bakuna o testing sa COVID-19 para sa grupong ito. Pediatrics: Dalawang (2) magulang/tagapangalaga kada araw Nasa hustong gulang: Dalawang (2) bisita kada araw. Para LANG sa mga COVID-19+ na pasyente: matatapos ang dalaw kapag umalis ang bisita sa kuwarto ng pasyente.
Pangananak	Dalawang (2) bisita para sa pasyenteng manganganak
Suporta para sa Pagkilos	Outpatient lang: Isang (1) bisita para samahan ang pasyente sa kanyang konsultasyon.
Suporta para sa Pasyenteng Hindi Makapagsarili	Mga pasyenteng may mga psychosocial, intelektuwal, developmental, o cognitive na kapansanan na umaasa sa alalay sa bahay para sa medikal na kinakailangang pangangalaga. ED: Isang (1) alalay. Inpatient: Dalawang (2) alalay habang nasa mga oras ng dalaw. Outpatient: Dalawang (2) alalay na sasama sa pasyente sa kanyang konsultasyon.
Mga Same Day Surgery (mga uwian na operasyon)	Isang (1) bisita para samahan ang mga pasyenteng nagpapaopera sa araw ng operasyon.
Tulong sa Komunikasyon at Cognitive na Tulong	Isang (1) alalay ang puwedeng pumasok sa Emergency Department at Labor & Delivery kasama ng mga pasyente para tumulong sa pakikipag-usap at/ o magbigay ng dagdag na impormasyon tungkol sa kondisyon at/o history ng pasyente. Puwedeng samahan ng alalay ang pasyente hanggang sa makuha ang sapat na impormasyon at suporta. Ang presensya ng naturang alalay ay hindi itinuturing na pamalit sa isang kuwalipikadong tagasalin, sa halip, iniwasan nito ang mga kakulangan sa pag-unawa kapag may emergency na nauugnay sa pangangailang pangkalusugan.

Suporta sa Pasyente at Mahal sa Buhay

Nauunawaan namin ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa ibang tao at ang pagpapagaling.

Para manatiling konektado sa inyong mahal sa buhay, may mga nakalatag kaming programa ng suporta.

Para sa mga tanong, tumawag sa Office of Patient Experience (628) 206-5176.

Mga Pagdalaw sa Pamamagitan ng Video

Hinihikayat namin kayong gumamit ng Face Time, Skype, o iba pang video platform para dalawin ang mahal ninyo sa buhay. Kung walang device ang pasyente, may mga tablet sa ospital. Magtanong lang sa nurse ng pasyente.

Espiritwal na Pangangalaga

Kasama ninyo kami at ng mahal ninyo sa buhay sa mga panahong ito ng emosyonal na ligalig. Pakisabi sa isang miyembro ng team sa pangangalagang pangkalusugan kung gusto ninyo at/o ng pasyente na matawagan ng aming team sa espiritwal na pangangalaga.

Meet My Loved One (Kilalanin ang Mahal Ko sa Buhay)

Bagama't posibleng hindi ninyo makasama ang inyong mahal sa buhay, gusto naming makapagbigay ng pangangalagang naka-personalize, mapag-unawa, at puno ng suporta para sa kanya na para bang kasama ninyo siya. Maaari ninyong sagutan ang mga tanong sa "Meet My Loved One" (Kilalanin ang Mahal Ko sa Buhay) para ibahagi ang gusto ninyong ipaalam sa amin tungkol sa pasyente at sa kanyang mga pangangailangan.

Para sa kopya, humingi sa team ng Patient Experience sa main lobby.

Mga Sulat sa Mga Pasyente para sa Paggaling at Pagbibigay ng Lakas ng Loob

Kung gusto ninyong padalhan ang pasyente ng sulat o larawan na maaaring ilagay sa kanyang kuwarto, titiyakin naming makakarating iyon sa mahal ninyo sa buhay. Pakipadala ang larawan o sulat bilang email sa dph-patientexperience@sfdph.org at ilagay ang inyong impormasyon sa pagkontak at pangalan ng pasyente.